

## S.A.F.E. D.R.U.G.

### Isang 8-Hakbang na Checklist para sa Kaligtasan ng Gamot

Ang S.A.F.E. D.R.U.G. ay isang gabay sa

*“kung-paano”, upang matulungan ang mga mamimili na makilala at mapangalagaan laban sa mga huwad na gamot. Ang walong-hakbang na checklist na ito ay tumutulong sa mga mamimili na hatulan kung ang kani-kanilang mga gamot ay ligtas at nagbibigay ng mga tip kung ano ang gagawin kung ang gamot ay nakompromiso.*

*Ang gabay na S.A.F.E. D.R.U.G. ay sinimulan ni Bryan A. Liang, MD, PhD, JD ng Institute of Health Law Studies, California Western School of Law at ng San Diego Center for Patient Safety, UCSD School of Medicine, at pinahusay ng Partnership for Safe Medicines.*

*Ang Partnership for Safe Medicines ay nakatalaga sa pagtulong ng mga mamimili na ang mga resetang gamot na kanilang iniinom ay ligtas at epektibo.*

8100 Boone Blvd., Ste. 220  
Vienna, VA 22182 USA

Phone: +1-703-679-7233  
+1-703-679-(SAFE)  
Fax: +1-703-848-0164  
info@safemedicines.org  
www.safemedicines.org

**Sample (Sample):** Humingi ng isang sample mula sa iyong manggagamot kapag ikaw ay naresetahan sa unang pagkakataon ng medikasyon upang matulungan kang makapagtakda ng isang “pagbabatayan” ng mga katangian ng produkto, kabilang ang anyo nito, lasa, kalidad mga epekto at lalagyan Kung gumagamit ng internet sa pagbili ng mga gamot, siguruhin na ang Web site ay ganap na sertipikado ng “VIPPS”. Para sa listahan ng mga aprubadong site, bumisita sa [www.vipps.info](http://www.vipps.info). Pakitandaan na ang mga sample mula sa gumawa ay karaniwang makukuha lamang para sa mga medikasyong may tatak at hindi sa mga generic na produkto. Ang mga generic ay maaaring iba ang hugis at kulay ngunit produktong ligtas at epektibo pa rin Para sa mga partikular na katanungan sa pagkilala sa mga medikasyon, makipag-usap sa iyong parmasyutiko.

**Anyo (Appearance):** Ihambing ang niresetang gamot na iyong natanggap sa narapat nitong anyo sa pamamagitan ng paghambing ng mga larawan ng orihinal na gamot ng gumawa at lahat ng kaugnay na pakete ng gamot na iyong iniinom. Ikaw ay makakakita rin ng mga larawan sa Physicians Desk Reference (Desk Reference ng Manggagamot) na makukuha sa iyong lokal na aklatan o sa internet. Kapag naghahambing ng pakete, maghanap ng pagkakaiba sa papel, pagka-print, kulay at mga font (hal. pareho ba ang laki, raised print, pagka-emboss, atbp.).

**Pakiramdam (Feel):** Pansinin ang lasa ng niresetang gamot at anumang kaugnay na pakiramdam kapag ininom mo ito. Mayroon bang kakaibang epekto sa iyong katawan kumpara sa mga dating naranasan, katulad ng pananakit ng tiyan o sakit ng ulo? Isulat sa diary ang iyong nararamdaman kapag iniinom mo ang iyong mga gamot upang maihambing mo.

**Suriin (Evaluate):** Pag-isipan kung ano ang naging reaksyon ng iyong katawan sa panahon ng paggagamot. Nararamdaman mo ba na ikaw ay nakikinabang sa medikasyon? Humuhusay ba ang iyong kundisyon, napananatili o bumabalik ka ba sa dating kalagayang may-sakit? Palaging tanungin ang iyong doktor o parmasyutiko kung ano ang iyong dapat asahang maramdaman kapag ininom mo ang iyong gamot at kailan ka aasang makaramdam ng ginhawa o pagkabuti. Tandaan: ang mga huwad na gamot at maaaring maglaman ng hindi sapat, sobra o walang aktibong sangkap.

**Doktor (Doctor):** Kung tila hindi pareho ang lasa o iba ang iyong pakiramdam kumpara sa karaniwan, agad na isulat ang iyong mga sintomas at makipag-ugnay sa iyong doktor at parmasyutiko.

**Iulat (Report):** Kung ikaw ay mayroong anumang mga pagkabahala sa kalidad ng iyong mga gamot, o nakumpirma na may pagkakaiba sa pakete, pagkakataak, o mga pildoras, agad na makipag-ugnay sa parmasya kung saan mo binili ang mga ito. Maaari mo ring gustuhing makipag-ugnay sa FDA at sa gumagawa ng gamot upang iulat ang iyong mga suliranin. Ang FDA ay maaaring matawagan nang toll-free sa **1-800-FDA-1088 (800-332-1088)**, o sa Web sa [www.fda.gov/medwatch](http://www.fda.gov/medwatch).

**Hindi Makukuha (Unavailable):** Kung nakumpirma mo na ang iyong gamot at huwad, agad na tanggalin ito mula sa iyong kabinet ng gamot. Markahan ang pakete gamit ang pulang panulat at lagyan ng tape ang ibabaw ng lalagyan ng gamot upang ang mga ito ay hindi mo na magamit ni ng iyong pamilya. Hanggang hindi mo maipadala ang sinususpetsahang gamot sa naaangkop na mga opisyal sa pagpapatupad ng lokal na batas, o itapon ito nang maayos, mahalaga na hindi mo, ni ng iyong pamilya, maipagpalit ito sa anumang lehitimong gamot na maaaring iniinom mo.. Makipag-ugnay sa FDA para sa higit pang impormasyon.

**Tipunin (Gather):** Tipunin ang lahat ng impormasyon na iyong mahahanap kung paano, saan, at kailan mo nakuha ang huwad na gamot at kung gaano katagal mo na ito iniinom. Ito ba ay mula sa Internet, mula sa mail order, o mula sa isang lokal na parmasya? Kailan mo binili ang gamot? Nasa iyo pa ba ang pakete? Gaano katagal mo nang iniinom ang mga huwad na gamot? Kung ang gamot ay dapat iniinom palagi, kailangan mo ring makipag-ugnay sa iyong manggagamot o sa parmasyutiko upang makipag-ayos para sa isang checkup at isang bagong supply upang maipagpatuloy mo ang pag-inom ng iyong gamot.